**SPEECH BY**

**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**

**AT THE MEETING WITH THE FILIPINO COMMUNITY**

[Delivered in Riyadh, Kingdom of Saudi Arabia | 20 October 2023]

Maraming salamat sa ating Kalihim ng Department of Foreign Affairs *[Crowd cheers: BBM! BBM! BBM! BBM! BBM!]* sa inyong pagpakilala.

Aba, dito yata sa Saudi Arabia hindi pa tapos 'yung kampanya. Sa Manila natapos na natin; dito sa Saudi tuloy-tuloy pa rin. *[cheers]*

Upo po kayo, umupo po kayo. Mahaba-haba itong talumpati na ito baka gutumin kayo 'pag nakatayo kayo.

Masaya talaga, sinasabi ko sa mga kaibigan ko na taga-rito na sumama sa akin ngayong gabi. Sabi ko sa kanila, pagmasdan ninyo. Wala pa kayong nakitang ganito na kasing kasaya ng pagka nagsasama ang mga Pilipino, nagkantahan na at nagsayawan na ay talagang napakasaya. Talaga 'yan ang ugali ng Pilipino. Kahit na nahihirapan na, kahit na may problema, kahit na nalulungkot talaga sa loob, nakangiti pa rin at nagbibiro pa rin at nagtitiyaga pa rin. 'Yan ang husay ng Pilipino. *[applause]*

Unang-una po ay batiin po natin ang mga iba't ibang mga opisyal na isinama natin dito sa Saudi Arabia.

Alam niyo po kagaya ng nabanggit ay ang sadya po namin dito ay makapag-attend 'yung unang summit ng GCC, 'yung Gulf Cooperation — 'yung mga countries around the gulf ano, around the Gulf nations at ang ASEAN. Dahil ang ASEAN at saka ang Middle East ang rehiyon na ang pinakamasigla na ekonomiya ngayon sa mundo. Kaya't pinagsasanib-puwersa ang Middle East at saka ang ASEAN upang talaga naman ay maging mas maganda pa ang pagbawi natin, pag-recover natin. At marami po tayong nagawa at marami po tayong nakausap upang makatulong sa ating mga plano sa Pilipinas.

Kaya't ipapakilala ko muna po ang ating mga kasama, ang ating mga opisyal na kasama sa ating kumperensiya, sa ating mga usapin tungkol sa iba't ibang bagay, tungkol sa investment. Nandito po ang Speaker po ng House of Representatives, Speaker Martin Romualdez. Nandito rin po ang ating Finance Secretary, Secretary Ben Diokno. Nandito rin po ang secretary natin ng Department of Trade and Industry, ang ating secretary, Secretary Fred Pascual. Kasama rin natin po ang ating Press Secretary na siyang nagdadala ng balita sa mga ginagawa natin habang tayo'y nagba-biyahe, Secretary Cheloy Garafil. Ang tumutulong po sa inyong abang lingkod ang Special Adviser ng Pangulo po for Investment and Economic Affairs, Adviser Frederick Go. Kasama rin po natin ang TESDA director. Siya po ang namamahala para sa re-training, lalong- lalo na sa mga OFW na nakauwi na ng Pilipinas at naghahanap pa ng bagong trabaho ay kailangan po nating ma-training, kailangan po nating tulungan dahil marami pong bagong teknolohiya. Marami pong bagong klaseng trabaho na kailangan pag-aralan. At 'yung ating mga pinapasukan na investment na mga sektor ay kailangan matutunan po ng ating mga workers kung papaano ang pinakamagandang trabaho para gawin nila. Ang namumuno po ng ating TESDA, TESDA Director-General Teng Mangudadatu.

Nandito rin po ang officer-in-charge po ng Migrant Workers, si Hans Leo Cacdac. Siya po ay namamahala ng Department of Migrant Workers, 'yung department na binuo, 'yung pinakabagong department ng pamahalaan.

At siguro alam po ninyo na ang unang umupo bilang kalihim ng Department of Migrant Workers ay si Secretary Toots Ople na napakahusay at napakagaling at marami talaga siyang karanasan at marami talaga siyang ginagawa, at napakasipag, napakahusay. Ngunit minalas po tayo at siya'y nawala na at siya'y pumanaw na. Ngunit hindi po natin kinakalimutan ang kanyang adbokasiya na tulungan lahat ang ating migrant workers, tulungan ang lahat ng ating overseas workers. Kahit saan man, kahit ano man ang problema, tuluyan po ang trabaho ng pamahalaan upang suportahan kayong lahat. *[applause]*

Nandito rin po ang ating Chargé d'Affaires na nagsalita, Chargé d'Affaires Rommel Romato. Ang ating Special Envoy to Saudi Arabia, Undersecretary Jesus Domingo. Mga kasama po natin sa private sector na atin partner po. Alam niyo po dahil noong una akong umupo ay sila tinitingnan po namin kung ano 'yung mga kailangang gawin. Sabi ko, marami masyado ito baka hindi kakayanin ng gobyerno lamang. Kaya't naman nilapitan po natin ang ating mga kaibigan na mga negosyante at sinabi namin, magtulungan tayo dahil hindi kaya lahat ng pamahalaan. Ngunit pagka tayo ay magsanib-puwersa, pagka tayo ay nagtulungan ay palagay ko makakamtan natin lahat ng ating mga pangarap. We will achieve the goals that we have set for ourselves, for our country, and for our people. Kaya't kasama po natin ang mga ating tinatawag na partners in the private sectors. At siyempre ang ating mga kababayan na nandito sa Saudi Arabia na nagsisipag at pinapaganda ang pangalan ng Pilipinas. *[applause]* Kayo po ang pinakamahalaga na naging – na kasama natin na bisita ngayon. Lahat ng ating mga bisita; ladies and gentlemen; mga minamahal kong kababayan, salamat po sa pagdalo ninyo ngayong gabi. *[applause]*

Nagpapasalamat din po ako na pinaunlakan ninyo ako at ang aking paanyaya upang magkita tayo dito sa Saudi Arabia. It is always an honor and a pleasure to spend time with the great Filipino community of Saudi Arabia. I wish to recall the first time, 'yung unang pagpunta ng isang pangulo rito sa Kingdom of Saudi Arabia ay ang taong 1982. At ang pumuntang pangulo rito ay ang aking ama, the President Ferdinand Marcos Sr. *[applause]* He came to Saudi Arabia, he had a state visit to meet His Majesty King Khalid bin Abdulaziz Al Saud to renew the good relations between the Philippines and Saudi Arabia and to reassure the Kingdom that both countries will remain great friends. And I, as his son and now as President, will continue in that tradition, ipapagpatuloy po natin.

At 'yan po ang naging bahagi sa ating pagpunta rito ay para kausapin ulit ang ating mga kaibigan dito sa Saudi Arabia. At hindi lamang sa Saudi Arabia, kung hindi dito sa Middle East upang tiyakin na ang kalagayan naman ng ating mga mamamayan, ng ating mga Pilipino ay nasa mabuti. At kung may problema man ay pinag-usapan natin at kaya po nating ayusin.

I have come on the gracious invitation of His Majesty King Salman bin Abdulaziz Al Saud and his Royal Highness Crown Prince Mohammed bin Salman Al Saud to participate in the inaugural ASEAN Gulf Cooperation Council Summit. Dahil miyembro po tayo ng ASEAN, ang Pilipinas ay talagang nais i-promote ang friendship at saka pagandahin ang relasyon ng iba't ibang mga bansa at iba't ibang mga tinatawag na regional blocs.

The Philippines' vibrant individual relationships with the GCC countries, ang GCC countries – the Kingdom of Saudi Arabia, ang UAE, Qatar, Kuwait, the Sultanate of Oman, Bahrain – are special because of the millions of Filipinos who have worked and lived and continue to thrive here.

Dito lamang sa Saudi Arabia, ang Pilipino ay baka malapit ng aabot ng isang milyon dahil nasa 760,000 na yata tayo. At dito sa Gulf States, ito iyong mga nabanggit kong mga bansa, 2.2 million ang Pilipino na nakakalat po diyan. At naaalala ko po the tremendous impact that overseas Filipinos have had on the Filipino economy.

I would be remiss, of course, if I do not speak of the difficulties and the challenges that you have all encountered. Lahat po kayo ay nagsakripisyo na kayo'y nakahiwalay sa inyong mga mahal sa buhay, sa inyong mga pamilya, sa inyong bansa. But your incredible determination and resilience are truly impressive.

On behalf of the government of the Philippines, I convey my gratitude and express my admiration to each and everyone of you. You serve as an inspiration to us all. *[applause]* The knowledge and the skills that you have acquired, 'yung inyong galing at sipag habang kayo'y nandito, have proven to be invaluable assets to the Philippines.

Kaya't ang sasabihin ko sa inyo pagka nakausap ko po 'yung mga lider po ng mga bansa, ngayong kanina lang umaga, ay nag-uusap kami bago pa ako makapag-hello, makapagbati, lagi nilang sinasabi ang galing-galing ng mga Pilipino dito sa amin. Ang husay-husay ng mga Pilipino sa amin. Ang babait, ang sisipag ng mga Pilipino rito. Kaya naman ay talaga naman pagka naririnig natin ang national anthem ay talagang nakakataba ng puso dahil sa inyo pagpunta po namin dito talaga naman ang nararamdaman po namin, proud to be a Pinoy. Maraming salamat sa inyo. *[applause]*
So continue to share your experiences to our countrymen and bring technical expertise back to the Philippines. Your efforts have not gone unnoticed. I look forward to your return. With your help, the Philippine government's reintegration programs will continue moving forward towards a brighter future for our country and for our people.

Bilang mga huwaran at ulirang kasapi ng lipunan, kayong mga OFW ang pinakamahusay na kinatawan sa kultura ng Pilipinas. As cultural ambassadors have shown the people of the world the kindness, the warmth of the Filipino, you have all contributed to the promotion of the Philippines as a remarkable tourist destination. Lahat po ng magkaroon ng OFW at dumami na at nakikilala po tayo, eh nakakatulong po 'yun dahil sinasabi nila itong mga Pinoy na nakilala namin eh ang gagaling nila, ang huhusay magtrabaho, ang babait, mapagkakatiwalaan. Iniiwan 'yung mga bata sa atin dahil hindi sila nangangamba na baka hindi mabuti ang pagka-alaga sa mga anak nila.

Kaya naman nasa puso na nila ang pagmamahal ng Pilipino. Iyan po ang inyong ginawa. Iyon po ang ipinakita ninyo. Kaya po ang reputasyon ng Pilipino bilang workers, bilang healthcare workers, bilang caregivers, bilang skilled professionals, bilang engineer, bilang contractor ay po kilalang-kilala na po tayo dahil sa magandang trabaho na inyong ginawa.

At kanina lang po bago po kami pumunta rito ay nakausap ko po ang Crown Prince. Ang sabi ng Crown Prince, unang-una sabi niya, "I have to tell you my second mother is a Filipina." Dahil ang nag-alaga pala sa kanya noong bata siya ay Filipina. *[applause]* Kaya naman sabi niya mahal na mahal niya ang mga Pilipino. At 'yang pagmamahal na po 'yun sa inyo ay nararamdaman din po namin sa Pilipinas. At kami naman para kaming cheering squad ninyo na sinasabi, "Sige, galingan ninyo. Magpasikat kayo para tayong mga Pilipino ay talagang ang tingin po sa atin ay tumaas nang husto." Sabi po ni Crown Prince sabi niya sa akin, alam mo ba sabi niya, that 80 percent of the ICU personnel are Filipino, 80 percent in the whole of Saudi Arabia. *[applause]* Sabi niya, 'pag nawala 'yung Pilipino dito sa Saudi Arabia, tigil lahat, sabi niya. Talagang ganyan ang dependence namin sa mga Pilipino.

Kaya naman talaga naman masasabi natin na ang OFW ay hindi lamang tumutulong sa ekonomiya dahil sa remittances ninyo. Marami nang nangyari na naghihirap ang ekonomiya ng Pilipinas dahil sa remittance na ipinapadala ng ating

mga OFW ay talagang nabubuhay pa tayo, nakakaahon tayo doon sa mga problemang hinaharap natin.

At malaking paghahanga ang nakikita nila dahil matibay, kahit na nagsasakripisyo kayo at malayo kayo sa pamilya ninyo, 'yun alam natin na 'yung sakripisyo ninyo ay para sa pamilya ninyo at kinahahangaan ito. Dahil ang ating pagmamahal sa ating mga pamilya ay naging bahagi ng kultura ng Pilipino at ito'y kinahahangaan ng lahat ng makakita na inyong pagmamahal ng inyong mga pamilya, ng inyong mga komunidad, at ng inyong bansa.

I find that sense of Filipino – of family amongst the Filipino community very inspiring. As do our – as do our friends the locals where the OFWs work, supporting one another, helping distressed kababayans are traits worth emulating. A strong sense of community is incredibly important especially for migrant workers.

I request that the Filipino community in Saudi Arabia continue to help one another. Dito po tayo naging magaling dahil tayo ay nagtutulungan sa isa't isa. At hindi na tayo nagtatanong basta't may nakita po tayo. Eh iyon ang ating ipinagmamalaki. Kung maalala ninyo noong kampanya, ay 'yun ang aking sinasabi. Ang ugali ng Pilipino ganyan talaga. Pagka may nakitang naghihirap ay tutulungan lalong-lalo na 'pag Pilipino. Nakita eh may pangangailangan eh gagawin ang lahat para ibigay sa kanila 'yang pangangailangan na 'yan.

At 'yan talaga nasa kultura na po natin. Ito po ang isang nagpapatibay sa inyong nagiging karanasan kapag kayo ay lumalayo sa Pilipinas at kayo ay nagtitiyaga at kayo ay nagtatrabaho nang mabuti, 'yan po para hindi kayo po mawalan ng inspirasyon 'yan po ang bahagi ng kultura natin na hindi pinapayagan na makalimutan natin ang mga malalapit sa atin.

But also the government is part of this process. We are committed to providing solutions to ease the lives of overseas Filipinos. I have instructed all the government agencies to utilize digital technology to streamline previously lengthy processes. The OFW Pass, for example, is a digital technology solution that removes the need for paper requirements making returning to your country of work more convenient.

Ito po ay inspirasyon din po ni Secretary Toots Ople ay itinutuloy lang po namin. Further, we remain committed to developing Philippine economy and improving the lives of the Filipino people in general.

Kaya't sa mga kababayan ko dito sa Saudi Arabia, marami pong salamat sa inyo. Nawa'y patuloy kayong pagpalain ng Maykapal. *[applause]* At bago po ako makapagtapos, hindi ko po maaaring tapusin ang aking pagsalita na hindi ako magpasalamat sa suporta na ibinigay ninyo sa nakaraang halalan sa aming dalawa ni Inday Sara -- *[cheers]* --lalong-lalo na dito sa Saudi Arabia. Hindi naman kami nakapagkampanya rito pero kayo ay lumabas at nagparamdam kayo ng inyong pagmamahal at inyong pagsuporta. *[cheers and applause] [Crowd cheers: BBM! BBM! BBM!]* Yehey! Kaya't dinala po namin ito dito para maramdaman naman ninyo. Siguro napapanood niyo na lang sa YouTube at saka sa Facebook 'yung mga pag-sortie campaign sortie namin at nakita nga niyo.

Pero asahan po ninyo, alam niyo po kahit malayo kayo sa Pilipinas 'yung sigaw ninyo, 'yung pagmamahal ninyo, 'yung inyong pagsuporta po sa amin, at inyong paniniwala sa kinabukasan ng Pilipinas at ng Pilipino ay ramdam na ramdam namin. Iyan po ang nagbigay sa amin ng lakas, ng tibay ng loob na ipatuloy ang aming adbokasiya na ipagkaisa ang buong Pilipinas. Iyan po ang ating kinampanya, 'yan po ang inyong sinuporta, 'yan po ngayon ang aming isusukli sa inyo. Ipagkakaisa natin ang Pilipinas para maging mas maganda ang buhay ng bawat Pilipino at mas maganda ang Pilipinas. *[applause]*

Napakalaking bahagi ng OFW sa lahat po ng aming pinaplano. Hindi po namin kayang gagawin lahat ng aming pinaplano kung hindi po – kung wala po ang OFW. Kung 'di po namin maasahan ang trabaho, ang sipag, ang hinahangaan na Filipino overseas workers na kinikilala na ngayon sa buong mundo. Kaya nangyayari po sa galing talaga ninyo, we have become victims of our own success. Dahil gustong-gusto ng mga employer na kukunin nila, inuuna talaga nila gusto nila Pilipino. Eh ang problema nauubos ngayon 'yung mga trabahador doon sa Pilipinas. Kaya napalaki ang trabaho ni Datu Teng Mangudadatu ng TESDA dahil kailangan niyang mag-retraining para talagang kahit papaano mayroon pa rin namang maiwan na mga magtatrabaho sa atin sa Pilipinas.

Kaya natutupad naman natin ang ating mga pangarap. Matutupad naman natin ang ating mga pangarap basta't ipagpatuloy po natin. Marami pong problema na dumadating ngunit kagaya ng sabi ko, kagaya ng ugali ninyo doon sa atin eh nakikita ninyo kahit na may hinaharap na problema eh lagi naming iniisip basta't magtulungan tayo, basta't magkaisa tayo.

Kaya't ang aming konsepto sa pamahalaan ay 'yung tinatawag na whole-of-government approach dahil hindi na kaya ng isang departamento lamang ang mga problemang hinaharap natin. Kailangan lahat ng departamento na makatulong ay kasama sa solusyon sa mga problema. At pinalawak pa natin ito dahil hindi lamang the whole-of-nation -- the whole-of-government concept kundi the whole-of-nation concept. Dahil ay sinasabi natin lahat kailangan natin ng tulong ng lahat ng Pilipino para pagandahin ang Pilipinas.

Kung tayo ay hindi kasama, hindi nagkakaisa, eh kung saan-saan po tayo humihila, kung saan-saan po tayo tumutulak. Ngunit dahil sa suporta po ninyo at sa laki ng ibinigay ninyo na boto sa amin ay makikita natin ay dahan-dahan ay pinagkakaisa natin ang Pilipinas at napatunayan na rin natin na ang Pilipino ay talaga naman mapagmahal, ang Pilipino talaga ay may lahi ng kabayanihan na hindi mawawala kahit saan man mapunta, sa Saudi Arabia man o maiwan man sa Pilipinas o mapunta kung saan sa Europe, sa Italy, kung saan-saan ang nasa Pilipino. Ang binibiro ko nga sa kanila sabi nila lahat ng puntahan namin may Pilipino. Sabi namin dinadahan-dahan namin kayong lahat. After a while, kami na magta-take over lahat kasi kahit saan ka pumunta may Pinoy. At 'yung mga Pinoy na 'yan ay nasa magandang posisyon at napakaganda ang reputasyon.

Iyan po ang ating inaasahan sa ugali ng Pinoy. Iyan po ang inaasahan natin sa kultura ng Pilipino. Kayo po ang pinakamagandang halimbawa ng mga magagandang bahagi ng ating kultura. At iyan ang ipinakita ninyo sa inyong pagbiyahe, sa inyong pagtrabaho. Kaya naman po pati na ang Pilipinas at ang mga naiwang Pilipino sa Pilipinas ay nararamdaman ang pagmamahal na kung tutuusin ay nanggaling sa trabaho ninyo, nanggaling sa sipag ninyo, nanggaling sa galing ninyo.

Kaya't uli, maraming-maraming salamat. Mabuhay ang OFW! Mabuhay ang Pilipino! Mabuhay tayong lahat! Maraming-maraming salamat po at magandang gabi po sa inyong lahat. *[applause]*

**--- END ---**